Ang lalong mabuting bunga nitong trigo,
Ang siyang sa inyo'y ipapakain ko;

At ang gusto ninyong masarap na pulot,
Ang siyang sa inyo'y aking idudulot."

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Masiglang awitan ang Diyos na Tagapagligtas.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Roma 14:12-13, 17-19*

Kaya't lahat tayo ay magbibigay-sulit sa Diyos. Huwag na tayong humatol sa isa't isa. Sa halip, iwasan na nating tayo'y maging dahilan ng pagkakasala ng ating kapatid. Sapagkat ang pagpasok ng tao sa Kaharian ng Diyos ay hindi nababatay sa pagkain at inumin kundi sa pagiging matuwid, pagkakasundu-sundo at kagalakan na pawang kaloob ng Espiritu Santo. Ang naglilingkod nang gayon kay Kristo ay kinalulugdan ng Diyos at iginagalang ng mga tao. Kaya't pagsikapan nating gawin ang mga bagay na makapagdudulot ng kapayapaan at makapagpapatibay sa isa't isa.

*Tugunan*

Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

— Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Lagi kang narito upang ako'y tulungan,

— Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, ituro sa iyong bayan ang landas ng kaligtasan at ang kapatawaran sa kanilang kasalanan.

## Pangkalahatang Panalangin

Purihin ang Diyos, ang ating Ama, na nangangalaga sa kanyang mga anak at hindi nagwawalang bahala sa kanilang mga panalangin. Buong kababaang-loob tayong dumulog sa kanya:

— Panginoon, liwanagan mo kami.

Pinasasalamatan ka namin, Panginoon, na pangunahan kami ng iyong karunungan,
upang tumahak kami sa isang bagong buhay.

— Panginoon, liwanagan mo kami.

Ang iyong karunungan ang gumabay sa amin,
upang panibagong buhay ang aming tahakin.

— Panginoon, liwanagan mo kami.

Amin nawang mabata ang mga kahirapan nang may tapang alang-alang sa ngalan mo,
at maging bukas-palad sa paglilingkod sa iyo.

— Panginoon, liwanagan mo kami.

Sa araw na ito, patnubayan ang aming isip, kalooban at asal,
tulungan kaming makasunod sa iyong mapagpalang paggabay.

— Panginoon, liwanagan mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.

